

Ang Mukha ng Kapwa: Pagmumuni sa Ilang Pilipinong Karanasan ayon sa Etika ni Levinas

Rhochie Avelino E. Matienzo
University of Santo Tomas – Manila, Philippines
rematienzo@ust.edu.ph

Abstract

Emmanuel Levinas' philosophy of altruism, particularly his notion of the Other, does not only transcend the intellectual discourse of the 20th century but also cultivates a viable paradigm for human relationships across nations. With atrocities happening in the present-day communication era in several countries in Asia and Europe, Levinasian ethics seems to be a reasonable means. In the Philippines, some traditions demonstrate this ethics, which I suggest, once given consideration, may deliver authentic social transformation. Despite the absence of direct influence between Levinas' thoughts and Filipino cultural values, this study seeks to view that these norms are the revelation of his thoughts. Hence, the aim of this essay is twofold: first is to find evidence that Levinasian ethics of the Other is experienced in the lives of Filipinos, particularly in their cultural values such as utang na loób, hiya, strong family ties, and bahala na. Second, the study wishes to offer Levinasian altruism as a form of an alternative model to the policy-making bodies to evaluate (and perhaps resolve) conflicts not only in the country but among nations.

Ang pilosopiya ng altruismo ni Emmanuel Levinas, partikular ang kanyang nosyon ng Kapwa ay hindi lamang nangingibabaw sa mga diskurso ng ika-20 siglo bagkus ito ay tumutukoy rin sa isang balangkas ng ugnayang pantao na akma sa maraming bansa. Sa mga kalupitan nangyayari sa ilang bansa sa Asya at Europa sa panahon ng makabagong komunikasyon, ang etika ng Levinasian ay tila isang makatwirang paraan na maaaring pagmunihan. Sa Pilipinas, may ilang kaugalian na nagpapakita ng etikang ito na sa aking palagay ay kung mapag-uukulan ng sapat na konsiderasyon ay maaaring maghatid ng tunay na pagbabago sa lipunan. Sa kabila ng kawalan ng direktang impluwensya sa pagitan ni Levinas at ng pagpapahalagang kultural ng mga Pilipino, nais ng pag-aaral na ito na sipatin ang mga pamantayang ito bilang manipestasyon ng mga aral ng pilosoper. Dahil dito, nahahati ang layunin ng sanaysay ito sa dalawa: una ay ang makapaglatag ng mga patunay na ang etika ng Kapwa ni Levinas ay karaniwan sa buhay ng mga Pilipino, partikular ang mga kaugaliang utang na loób, hiya, malapit na ugnayan ng pamilya at bahala na. Ikalawa ay ang pagmumungkahi ng alternatibong balangkas para sa mga kinauukulan na maaaring nilang maging gabay sa pagbuo ng mga patakarang susuri



(at marahil ay lulutas) sa mga 'di pagkakaunawaan hindi lamang sa Pilipinas gayun din sa iba pang mga bansa.

Keywords: *utang na loób, hiya, pamilya, bahala na, etika ng Kapwa*

Panimula

Si Emmanuel Levinas (1906-1995) ay isa sa mayroong malawak na impluwensya hindi lamang sa bansang Pransya kundi sa iba't bang bahagi ng mundo sa larangan ng kultura, pilosopiya, politika at maging relihiyon. Tanyag ang kanyang mga sulatin sa paggagalugad ng konkretong karanasan sa buhay ng tao at nang pakikipag-kapwa nito. Sa ganitong daloy, ang saliksik na ito ay naglalayong pagmunihan ang mga kongkreto at piling karanasan ng mga Pilipino tulad ng *utang na- loób, hiya, kahalagahan ng pamilya at bahala na* sa lente ng pilosopiya ni Levinas. Bagamat magkabilang panig ng mundo ang agwat, nilalayon ng akdang ito na hanapan ng patunay na ang etika ng *Kapwa* ni Levinas ay nararanasan din sa mga kulturang Pinoy na nabanggit. Mahalaga ang sanaysay na ito upang magkaroon ng pag-asa sa gitna ng dilim tulad ng digmaan, kaguluhan, at kasakiman na nararanasan sa maraming bansa sa ngayon. Kung pagmumunihan, matutuklasang maaaring manaig ang pakikipagkapwa tao at pagmamalasakit sa lipunan kung ating aalalahanin ang mga kaugaliang nakagisnan.

Si Levinas at ang Kapwa

Sumesentro ang sulatin ni Levinas sa buhay ng tao at sa kanyang *konkretong karanasan*. Ito ay mababakas sa ilang impluwensya tulad ng kanyang pagkakalantad sa mga akdain ng mga Rusong sina Fyodor Dostoyevsky (1821-1881) at Leo Tolstoy (1828-1910). Isa rin dito ay ang kanyang pagkakababad sa pilosopiya ng edukasyon ni Henri Bergson (1859-1941) at maging ang kanyang malalimang pag-analisa sa penomenolohiya ni Edmund Husserl (1859-1941) at Martin Heidegger (1889-1976). Ngunit ang higit na matimbang na ambag sa mga sulatin ay ang kanyang sariling karanasan.

Bilang isang Hudyo, kasama ng kanyang pamilya, isa siya sa mga na tinugis at pinahirapan ng mga Aleman noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang personal na danas na ito ang nagbunsad sa kanyang malalimang at malawakang pag-unawa ng tao. Bagamat ang mga pangyayaring ito ay naganap noong nakaraang dantaon, ang kanyang mga kaisipan pang-*Kapwa* ay angkop sa maraming lipunan hanggang sa kasalukuyan.

Sa isang panayam kay Levinas kasama si Alain Finkielkraut, iginiit niya na ang kanyang interes ay nakatuon sa "Autrui" (Levinas, 1989, p. 290). Ang salitang ito ay karaniwang isinasalin sa wikang Ingles bilang "the Other". Ito naman ay may malapit na kahulugan sa ating wika bilang "Kapwa". Ayon kay Levinas, ang *Kapwa* ay maaari ring

tukuying “Absolute” sapagkat ang kanyang pag-iiral ay natatangi. Ang *Kapwa* ay pundamental bago pa man ang anumang pagkilos ng isang sarili. (*Ibid.*) Ito ay mahirap unawain lalo na sa modernong palaisip na Rene Descartes (1596-1950) at kontemporaryo at eksistentialistang si Soren Kierkegaard (1813-1855). Sila ay ilan lamang sa mga palaisip na nagtutulak sa kalahagahan ng indibidwal bukod sa sarili na tuwirang taliwas sa uri ng etika na nais isulong ni Levinas.

Para kay Levinas, madalas na ang indibidwal ay natutukso sa pagkamal ng higit inaasahan. Ito ay tinukoy niyang “totality” na kung saan ang lahat-lahat ay hinihigop papaloob ng sarili sa sandaling ito ay tumingin sa *Kapwa* sa obhetong paningin (Levinas, 1987, p. 44). Ang lahat ay napapasa-ilalim at nagiging kanya; eksklusibo katulad ng mga bagay na kanyang pag-aari. Ang karimarimarim ay kabilang sa pananakop na ito ang *Kapwa*. Ngunit ayon kay Levinas, ito ay lubhang imposible kung tutuusin sapagkat ang *Kapwa* ay hindi bagay o pag-aari ni sino man (Levinas, 1987, p. 38, 62).

Ang Pag-iral ng *Kapwa*

Ang *Kapwa* ay ang hubad na katotohanan na parating nariyan, umiiral tuwina at ‘di nauubos. Ayon kay Levinas (1996), ito ay tila isang “epipanya” na walang hanggang naglalahad ng kanyang kakanyahan sa harap ng isang indibidwal. Ang *Kapwa* ay namumukadkad at nangungusap sa atin bilang isang “mukha”. (*Ibid.*, p. 53) Ang presensyang ito ay napakasidhi at maging ang ating sarili ay umaayon sa pag-iral na ito ng *Kapwa* na tila isang kautusan na ‘di maaaring mapasusubalian (Levinas, 1987). Halimbawa nito ay ang udyok ng pagkalinga at kawalan ng dahilang hindi tulungan ang isang nangangailangan. Lubhang napakahirap tumanggi sa kaibigang nangungutang lalo na at ikaw naman ay mayroong naitatabi. Sa mga aksidente sa lansangan, hindi rin natin maiwasang hindi maawa o maki-simpatya sa na disgrasya.

Dahil sa kalantaran ng *Kapwa* sa harap ng sarili, ang identidad ng indibidwal ay nabubulabog dahil sa presensyang ito ng iba. Para kay Levinas, ang *Etika ay Metapisika* – o ang tinatawag na “unang pilosopiya”. Ayon sa tradisyon, ap aglar kay Aristotle (1984), ang Metapisika ay siyang pinakamatayog at primordial sa lahat ng pamimilosopiya sapagkat ito ay ang pag-aaral ng pag-iral ng lahat ng meron. Samantalang ang etika ay ang pag-aaral ng kabutihan at pagkilos na parating nakasentro kapwa tao. Para kay Levinas (1998b), ang *Kapwa* ang dahilan ng kairalan ng sarili at ng lahat ng meron ang isang indibidwal. Tinutukoy niya ang *Kapwa* bilang “otherwise than being or beyond essence” / “maliban ap ag-iral o kaya’y higit pa sa kakanyahan ng anuman” (Levinas, 1998b, p. 159. Ang salin ay akin.). Ibig sabihin, ang *Kapwa* ay higit pa sa ontolohiya ng pagmemeron (being) sapagkat ang pag-iral ng *Kapwa* ay hindi maikakaila at maikukulong sa diskurso ng katuwiran lamang. Bagkus ang pagharap ng sarili sa kanyang *Kapwa* ay sumasaklaw sa kanyang kabuuang ontolohikal na pagdanas.



Utang na Loób

Bagamat mas malapit sa usaping komersyo ang pangkaraniwang gamit ng mga katagang “utang na loób”, ang mga antropolohikal, kultural at sikolohikal na pag-aaral ay nagmumungkahi na ang kabuluhan nito ay higit pa sa pisikal na obligasyon. At sa halip, ayon sa etnologong si Florentino Hornedo (2001, p. 54), ang utang na loób ay nagmumula sa isang uri ng disposisyong gumawa ng kabutihan. Nilinaw niya:

The sense of indebtedness referred to does not imply obligation to pay a material debt [...] The debt is *not material but a good-will, a benevolence* [...] not the material token but the personal internal disposition of benevolence.

Ang utang na tinutukoy ay hindi nangangahulugang ng tungkulin ng pagbabayad sa bagay na hiniram [...] Ito ay *hindi bagay bagkus ay isang kabutihang-loob* [...] hindi sa paraang pisikal bagkus ay nagmumula sa sariling kapasyahan ng kabutihang-loob. (Ang salin at pagbigay-diin ay akin.)

Masasabing ang utang na loób ay hindi isang “debt of gratitude” na madalas isalin sa wikang Ingles, ngunit ay isang “debt of goodwill”. Ngunit ano ang pagkakaiba? Ang una ay paraan ng pasasalamat sa pamamagitan ng pagsasauli ng materyal na ipinagkaloob. Ito ay karaniwang sa anyo ng salapi, ari-arian, o kaya’y serbisyong nakamit. Ang ikalawang nosyon ay tumutukoy sa *kagandahang loób* na kabilang sa mga pagpapahalagang kinaugalian ng mga Pilipino bago pa man ang panahon ng kolonyalismo. Samatala, maaaring magkasabay ang dalawang pakahulugan sa iisang pagkakataon, ngunit dapat linawin na hindi lahat ng pasasalamat (gratitude) ay kinapapalooban ng kabutihan (good will). Ang pasasalamat ay hindi sapilitan at maaaring ibigay o ipagpaliban ano mang oras naisin, samantalang ang kabutihang loób ay isang tungkulin dapat tupdin. Samakatwid, ang utang na loób ay hindi kailan ma’y nasusukat kung kaya’t ang kabayaran ay wala ring hangganan.

Ang malinaw na halimbawa nito ay ang ilustrasyon ibinigay ni Leonardo De Castro (2016) sa kanyang akdang “Sharing Organs for Transplantation: Altruism as Kagandahang Loób.” Dito ang isang kaanak ay handang magbuwis ng buhay upang mailigtas sa sakit ang isang miyembro ng pamilya. Hinalimbawa ni Mary Holnsteiner (1973) ang ugnayang ito sa pagitan ng magulang at ng anak: “the children’s obligation to respect and obey their parents and show their gratitude by taking care of them in old age [...] even when the parents’ duties have been largely fulfilled” / “ ang tungkulin ng mga anak na sumunod at igalang ang kanilang mga magulang ay isang pagpapamalas ng pasasalamat sa pamamagitan ng pag-aaruga sa mga ito kahit sa panahon ng kanilang pagtanda [...] ito ay kahit na ang tungkulin ng mga magulang sa anak ay ganap at natapos na.” (p. 76. Ang salin ay akin.)



Ito rin ang makikita sa mga deboto na handang mag-alay na kanilang yaman, panahon, at minsan ay sariling buhay bilang pinakamataas na uri ng pasasalamat sa kanilang pinanampalatayanan (Matienzo, 2016). Paliwanag dito ni Dionisio Miranda (1992), "*utang na loób* is no degradation or humiliation by *kagandahang-loób*; in fact, it is a dignification since one is given the occasion and possibility of responding in kind" / "*ang utang na loób* ay hindi pagiging aba o kahihyan dulot ng *kagandahang-loób*; ang totoo, ito ay isang karangalan sapagkat binibigyan tayo ng pagkakataon na tumugon ng may kabutihan" (p. 185. Ang salin ay akin.). Ang historyador na si Vicente Rafael (1993) ay nagbanggit rin na ang utang na loób ay minsan ng naging kasangkapan nang pagpapalaganap ng Kristiyanismo noong mga unang dantaon ng pananakop: "the natives 'converted' [...] themselves of the sacraments as a way of entering into a debt transaction with the Spaniards and their God" / ang mga katutubo ay 'nangag sipag-bago ng loob' [...] sa mga sakramento bilang paraan ng pagpasok sa isang utang-kasunduan sa mga Español at kanilang Diyos" (p. 127. Ang salin ay sa akin). Ganito rin ang isinasaad sa aklat na *Pasyon and Revolution* ni Reynaldo Ileto (1979) ng isinalarawan niya ang malalimang ugnayang nagbibigkis sa pagitan nina Felipe Salvador at nang kanyang kapatiran laban sa hukbong Amerikano noong panahon ng pananakop. Winika niya: "*loób* points to something other than simple economic relationship between lender and debtor, giver and receiver. In Salvador's idiom, the gift is a mode of strengthening the bonds about the loób of men [...] one akin to love" / "*Ang loob* ay umuukol bukod sa simpleng ekonomikong relasyon sa pagitan ng naghihiram at nagpapahiram, sa nagkakaloob at tumatanggap. Sa kawikaan ni Salvador, ang handog ay isang paraan nang pagpapatibay ng ugnayan ng mga kalooban ng tao [...] isang uring maihahalintulad sa pag-ibig" (p. 287. Ang salin at pagbigay-diin ay akin.) Ipinanukala rin ni De Castro (2016) na hindi pangkaraniwang ang ibinabahagi sa utang na loób, at ang nakamamangha pa rito ay ang kaparehong kabutihang loób ay maaari ring ibahagi hindi lamang sa mga kaibigan o kaanak ngunit sa maging sa mga estranghero.

Gayun din naman sa usaping panlipunan, ang utang na loób ay sumasalamin sa pagtupad ng obligasyon ng isang indibidwal patungo sa isa pang miyembro ng komunidad. Ayon sa antropologong si Charles Kaut, "*utang na loób* reflects a social system of sentiments of deep and strong affective nature and expressively symbolizes a whole configuration of reciprocal obligations" / "*ang utang na loób* ay sumasalamin sa sistemang panlipunan ng may malalim at malalakas na saloobin at ito ay hayag na sumasagisag sa buong kaayusan ng mga tungkuling may kinalaman sa pagpapalitan" (p. 258. Ang salin ay akin). Ito ay makikita rin sa mga akda nina Leonardo Mercado (1976), isang misyonero at pilosopo, ng kanyang tinalakay ang pilosopiya ng sakop (pp. 48-49, 100, 191). Sinusugan ito ni F. Landa Jocano (1997), isang antropologo, ng kanyang galugarin ang dinamiko ng "kinship" sa bansa. (p. 83). Sa nauna ng punto ni Kaut (1961), ang utang na loób ay isang uri ng di'-materyal na tungkulin at bagkus ay isang "'debt of volition' that cannot be paid by money" / "'utang na kusang-loob ay hindi matutumbasan ng salapi". (p, 206. Ang salin ay akin.). Ang utang na

loób ay walang sukat na palitan ng pasasalamat sa magkaparehong nagbigay at tumanggap sapagkat “ang pagbabayad ng utang na loób ay *hindi isang tapos na hakbang...* katulad ng pagbabayad sa utang sa bangko na matatapos sa anumang obligasyon... [ngunit] Ito ay nagsisilbing hudyat ng patuloy na ugnayan na kinapapalooban ng pagpapalitan ng mga kabutihang loób” (De Castro, 1995, p. 211).

Kung susumahin, halos nagkakaisa ang mga eksperto sa pananaw na ang utang na loób ay kaugaliang Pilipino kinapapalooban ng *kabutihang loob*. Sa transaksyon na ito, walang nakatitiyak ng materyal na kabayaran ngunit may malinaw na kasunduang hindi nasusulat o nasusukat at ang palitan ay maaaring tumagal ng habang buhay.

Ang Utang na Loób at ang Epipanya ng *Kapwa*

Kung pagmumunihan ang mga pananaw na nabanggit, ang “loób” sa konteksto ng utang na loób, ay nagbibigay-daan sa *Kapwa* bilang isang “pagpapakita” o “presensya”. Sa unang tingin, ang salitang “loób” ay tumutukoy sa sarili (o “inner self” sa malamyang pagsasalin), ngunit sa karanasang Pilipino, ito ay sumasaklaw sa mga bagay o tao higit pa sa kanyang sarili. Ito ay may pinagtutuunan, mayroong kaakibat, at palagiang may kaugnay. Dahil dito, mauunawaan lamang ng lubos ang isang loób kung mauunawaan ang kaugnayan nito; kung titingnan sa perspektiba na ito ay may parating may katuwang.

Sa sulatin ng Heswitang iskolar na si Albert Alejo (1990), *Tao po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loób ng Tao*, kanyang pinalawig ang panukala ni Levinas ng kanyang winika, “ang loób ay isang tahanan (na kung saan) dito ang kapwa ay kasambahay” (p. 111). Gayun din sa pananaw ng teologo at iskolar na si Jose de Mesa (1987) ng kanyang ipaliwanag na ang loób ay higit na mauunawaan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan. Kung kaya’t, sa tuwing ating binabanggit ang “utang na loób”, “masama ang loób”, “may kababaang loób”, hindi lamang tayo tumutukoy sa iisang kalooban ngunit kinikilala rin ang ugnayang ng indibidwal sa kanyang *Kapwa*. Sa konklusyon nabuo ni Dionisio Miranda, ang loób ay may pangangailangang esensyal sa *Kapwa* upang higit na maranasan ang kairalan ng loób. Winika niya, “loób needs kapwa to be loób: its continued responding to kapwa is the condition for its own existence and authenticity as loób” / “ang loób ay nangangailangan ng kapwa upang maging isang ganap na loób: ang kanyang walang humpay na pagtugon sa kapwa ay ang pangunahing kinakailangan upang siya’y mabuhay at maging tunay bilang isang loób” (1992, p. 84. Ang salin ay akin). Dahil dito, ang loób ay hindi loób, kung wala ang *Kapwa*.

Ang mga punto ng mga iskolar na nabanggit ay siyang tinutukoy ni Levinas sa kanyang etika ng *Kapwa*. Ang sarili ay makikilala lamang sa sandaling makilala niya ang *Kapwa*. Gayun din ang dinamiko ng loób sa utang na loób, nangangailangan ito ng pakikipag-ugnayan sa isa pang loób upang madama ng isang indibidwal ang kanyang sarili.

Ang ugnayang ito ay taal sa ating mga Pilipino na mababakas sa ating pangunahing katawagan sa araw-araw na pagtukoy sa ating *Kapwa*. Hindi maikakaila ang unlaping “ka-” kung tumutukoy sa iba (hal. *ka-kampi*, *ka-ibigan*, *ka-sangga*, *ka-away*, *ka-patid*, *ka-pamilya* at iba pa).

Balikan natin ang utang na loób. Sa bahagi ng nagpapautang, ang indibidwal ay naghahandog ng higit pa sa kanyang kakayanan. Sa bahagi ng tumatanggap, siya ay habang-buhay na may pananagutan sapagkat ang tunay na ipinagkaloob sa kanya ay kabutihan. Bagamat ito ay natanggap bilang materyal o anyo ng serbisyo, ang dahilan sa likod nito ay kabutihang loób. Sa nagkaloob, alam niya sa kanyang sarili na ang pagtulong na ito ay maaaring niyang ikasama o ikalugi ngunit bukas-loób niya itong ipinagkaloob sa tunay na nangangailangan. Dahil dito, ang makatanggap ay hindi maaaring tumanggi kung siya naman ay hingian rin ng tulong. Ngunit, kagaya ng sa nauna, hindi siya maaaring umasa ng kabayaran bagkus ay mayroon obligasyong tumulong din na walang hinihintay na kapalit. Ang “utang” sa utang na loób ay isang *ka-loób* at hindi kasunduan tulad ng mga nilalaman ng isang kontrata. Dito, ang kasunduan ay madalas nasusulat at may takdang bilang at panahon ang kabayaran (Kaut, 1961) samantalang sa ugnayang utang na loób, ang sarili ay nagiging ganap at tunay sapagkat kanyang pakikitungo ay parating nakatuon iisang direksyon lamang (sa *Kapwa*) na walang inaasahang kapalit.

Mababasa ang kabutihang loób na ito sa aklat na *Ethics and Infinity* ni Levinas (1985). Paliwanag niya:

The intersubjective relation is a non-symmetrical relation. In this sense, I am responsible for the Other without waiting for reciprocity, were I to die for... precisely insofar as *the relationship between the Other and me is not reciprocal* that I am subjection to the Other; and I am “subject” essentially in this sense.

Ang ugnayang intersubjective ay ‘di-simetrikong ugnayan. Sa ganitong pananaw, ako ay may tungkulin sa *Kapwa* na walang hinihintay na kapalit, at kung ako ma’y mamatay [...] tiyak ito ay nakalaan sa *ugnayang namamagitan sa akin at ng aking Kapwa*; at sa kalagayang ito, masasabing ako ay may kakanyahan bilang “tunay na tao” / “subheto”. (p. 98. Pagbigay-diin at salin ay akin.)

Ang utang na loób ay isang manipestasyon ng *Kapwa* na tinutukoy ni Levinas (1996) bilang “mukha”. Ito ay isang “epipanya”, o rebelasyon ng *Kapwa* sa isang indibidwal bilang pagdalaw. Ang ugnayang namamagitan ay marubdob at tila nag-uudyok sa sarili na tanggapin ang namumukadkad na presensya ng *Kapwa*. Sa pamamagitan ng *Kapwa* ang sarili ay nagiging buháy at nananatiling nagsusumikap. Ang utang na loób ay ang walang

hanggang pasasalamat na nagpapa-alab sa masidhing debosyon ng isang mananampalataya (Matienzo, 2016) at siya ring dumadalisa sa pagmamahal sa pagitan ng magulang at anak (De Castro 2016; Holnsteiner 1976).; ang nagpapatatag sa damdaming nasyonalismo ng mga bayaning Katipunero (Rafael, 1993; Iletto 1979). Iba't iba man ang kanilang tungkulin, iisa lamang ang layunin -- ang pagtugon sa *Kapwa*.

Sa karanasang utang na loób patunay na ang *Kapwa* ay parating una bago pa man mapatunayan ng sarili ang kanyang pag-iiral. Ito ang buod ng aklat ni Levinas (1998b) na *Otherwise than Being or Beyond Essence* na nagwika, "the Other is a responsibility prior to freedom" / "ang *Kapwa* ay isang tungkulin bago pa man ang kayang kalayaan". (p. 159. Ang salin ay akin.). Ang pagkilala sa presensya ng *Kapwa* sa konteksto ng utang na loób ay lubhang masidhi at kahit na sa punto ng pagsasakripisyo ng kalayaan at sariling dangal, ito ay nanatiling katanggap-tanggap alang-alang sa *Kapwa*.

Hiya at Presensya

Ayon sa sikolohistang si Armando Bonifacio (1976), ang hiya ay may iba't ibang anyo batay sa anyo at gamit. Ngunit sa papel na ito, aking lilimitahan ang pagtalakay sa dalawang gamit: ang negatibo at positibong epekto nito. Sa karaniwang karanasan higit ang negatibong pakahulugan nito kaysa positibo.

Sa depinisiyong ibinigay ni Jaime Bulatao (1964), "Hiya is a painful emotion... like fear or a sense of inadequacy and anxiety in an uncontrolled and threatening situation" / "Ang hiya ay isang masakit na damdamin [...] tulad ng pangamba o kaya'y kakulangan at pagkabalisa sa gitna ng 'di-kontrol at nakakatakot kalagayan" (p. 426. Ang salin ay akin.). Sa ilang pagkakataon, mas ninanais ng isang Pinoy na manahimik at magsawalang kibo na lamang sa gitna ng nakakahiyang sitwasyon. Ang iba naman ay nagiging agresibo at palabang sapagkat para sa kanila, ang karangalan na ng sarili (o pamilya) ang nakataya kung kaya't dapat na lumaban at manindigan sa mga pagkakataong napapahiya. Ganito ang reaksiyon ng marami dahil ito ay bunga ng "recklessness regarding of the social expectations of society [and] inconsideration for the feelings of others" / "tahasang pagbabale-wala sa inaasahang kilos at pag-uugali sa lipunan [at] ang 'di pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba". (p. 430. Ang akin ay akin).

Para sa isang Pinoy, lubhang mahalaga ang pananaw ng lipunan at ng mga taong nakapaligid sa atin. Kung kaya't madalas marinig, lalo na mula sa mga nakatatanda ang pagsaway na: "Huminahon ka at baka kung ano ang sasabihin ng iba. Nakaka-*hiya*." Ayon pa kay De Castro (2016), ang kahalinhinan ng salitang "hiya" ay ang mga katagang "masama" o "bawal" kung ito ay tumutukoy sa mga kilos o bagay na 'di kaaya-aya. (p. 74). Lumalabas na magkatumbas ng kahulugan ang ekspresyong "*Kahiya-hiya* ang iyong ginawa!" at "*Napakasama* ng iyong ginawa!" kung tumutukoy sa ang isang taong nakagawa

ng mabigat na pagkakamali. Ang hiya ay maaari ring epekto ng hindi pagtanaw ng utang na loób. Paliwanag ng mga sosyologong sina Isabel Panopio at Realidad Rolda (2006): “Failure to discharge the payment [for *utang na loób*] causes hiya, and one who does not recognize *utang na loób* is considered as *walang hiya*”. “Ang kabiguang magsagawa ng pagbabayad [ng utang na loób] ay nagdudulot ng hiya, at ang siyang hindi kumikilala sa utang na loób ay masasabing walang hiya”. (p. 86. Ang salin ay akin). Samakatwid, ang taong walang utang na loób ay walang pagpapahalaga sa kagandahang loób ipinagkaloob sa kanya. (Guthrie, 1968; Andres, 1994) Kung kaya’t para sa mga Pilipino, isa sa mga pinakamasakit na komento na maaaring marinig ay ang masabihang “Ikaw ay walang hiya!”. Ito ay may pakahulugan masama o dili kaya’y pagiging isang ingrato.

Sa kabila nito, ang hiya ay maaari ring sipatin sa positibong pananaw. Sa komprehensibong paglalahad ng iskolar na si Jeremiah Lasquety-Reyes (2016), ginamit niya ang lente ng etika ni Santo Tomas ng Aquino upang unawain ang hiya bilang birtud ng pagtitimpi o “temperance” sa halip na isang kultural na elemento lamang. Sa kanyang halimbawa:

Consider, for example, what frequently happens with guests around a dining table. When there is one last piece of *ulam* (meat dish) on the serving plate, say a piece of fried chicken, *hiya(v)* dictates that I should not take that last piece of fried chicken even if I wanted to take it.

Halimbawa ay kung ano ang madalas na nangyayari sa mga bisita sa paligid ng hapag kainan. Kung may natirang piraso ng ulam, sabihin na nating isang piraso ng pritong manok, idinidikta ng *hiya(v)* na hindi ko dapat kunin ang huling piraso ng pritong manok kahit na gusto kong itong kunin. (p. 69. Ang salin ay akin)

Sa tagpong ito, hindi kinakailangan na may masaktan na kalooban upang maranasan ang hiya. Umiiral ang kakayahan ng sarili na mapagtagumpayan ang pagnanasang kumain. Gayun din naman kung ang tao ay may hiya, kanyang iginagalang ang kapwa sa pamamagitan ng hindi nito pag-iisip o paggawa ng masama sa *Kapwa*. Sa taong may kahihyan, iniisip niya ang kapakanan ng *Kapwa* bago pa man ang sarili. Ito rin ang pinupunto ng mga sosyologo na sina Rogelia Pe-Pua at Elizabeth Protacio-Marcelino (2000) na nagmumungkahi na ang hiya sa konteksto ng Pilipino ay isang uri ng pagpapahalaga sa kaangkupan ng sitwasyon o “sense of propriety” (p. 55); Reyes, 2016, p.69).

Sa pilosopiya ni Levinas (2000), ang hiya ay maaari rin sumasagisag sa presensya ng *Kapwa*. Sa kanyang pagtalakay ng “negative movement of restraint” / “negatibong paggalaw ng pagtitimpi”, kanyang inuri sa dalawa ang mukha ng *Kapwa*. Ang una ay *takot* (negatibo) at ang pangalawa ay ang *kalinga* (positibo) (p. 126). Paliwanag ni Roger Burggraeve, isang

iskolar sa pag-aaral kay Levinas, ang pagkilala sa kapwa isang nakakagulantang na sandali sa buhay ng tao na maaaring maganap bilang isang krisis. Dahil dito, “the care for the other does not begin with a positive movement of generosity or empathic altruism, but, on the contrary, with a negative movement of ‘reservedness’” / “ang pagkalinga sa iba ay hindi nagsisimula sa positibong paggalaw ng pagiging mapagbigay o ‘di-makasaring paglilingkod sa kabutihan ng iba, bagkus ay ang kabaligtaran, ito ay sa pamamagitan ng negatibong paggalaw ng ‘reservedness’” (p. 44. Ang salin ay akin.). Tulad ng paliwanag ng mga eksperto sa kulturang Filipino (Bulatao 1664; De Castro 2016), ang hiya ay kadalasang nagsisimula sa mapait na karanasan sa harap ng *Kapwa* bunga ng kawalan ng dangal. Gayun din naman, ito ay maaaring isang pagpapahalaga sa kaangkupan (Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000), pagkilala ng utang na loób (Panopio & Rolda, 2016) o isang birtud ng pagtitimpi alang-alang sa kapakanan ng iba. (Reyes, 2016). Para kay Levinas, ang pagkilala sa *Kapwa* ay hindi nangangahulugang matamis at masaya. Ito ay maaari ring magmula sa isang kahiya-hiyang kondisyon patungo sa pagkilala ng *Kapwa* na magbubunsod sa isang indibidwal patungo sa pagiging ganap na sarili.

Samakatwid ang kaugaliang hiya ay mayroong dalawang pakahulugan katulad ng pagsasalarawan ni Levinas sa etika ng *Kapwa*. Sa isang pananaw, ang hiya ay nagmumula sa takot na mawalan ng kredibilidad ang isang indibidwal at sa kabilang punto ay ang pagsasaalang-alang at pagkilala sa presensya ng *Kapwa*. Hindi man sasang-ayon ang karamihan, ngunit maaaring nahihiya ang isang Pinoy na sabihin ang katotohanan sa isang taong kanyang pinahahalagahan ng labis. Dahil dito, maraming ‘di ka nais-nais na pagtatalo na kadalasa’y pinagsisimulan ng sama ng loób at matagalang ‘di-pagkakaunawaan. Maaaring ito nga ay “toxic” na kulturang Pilipino, ngunit maaari rin naman makita bilang etikang batayan ng pagresolba ng mga magkaka-taliwas na saloobin.

Hiya at Mukha ng *Kapwa*

Ang pagtambad ng mukha ng *Kapwa* sa isang indibidwal ay magbubunsod ng pagpapahalaga sa iba ng higit sa sarili. Ang mukha sa pananaw na ito ay isang metapora na kumakatawan sa buong pagkatao ng *Kapwa*. (Blum, 1983) Kung kaya’t ito rin ay masasabing isang hiwaga o “enigma” ayon kay Levinas (1996, p. 51-53). Nakapaloob dito ang buong pagkatao kasama ang katawan, emosyon, paniniwala o maging kaisipan ng isang tao. Sa pamamagitan ng mukha ng *Kapwa*, mararanasan ng sarili ang presensya ng iba bilang *Kapwa* – kongkreto, totoo at buhay.

Ang kabaligtaran ng tagpuang ito ay ang pangmamata sa *Kapwa* bilang obheto. Dito ang *Kapwa* ay pilit na pina-uunawa sa pamamagitan ng sa kaisipan o kategoriya -- mga sukatan karaniwang gamit ng lipunan. Maaari nating malaman ang mga datos katulad ng edad, pinanggalingan, propesyon, timbang at kulay ng isang tao, ngunit hindi nangangahulugang atin nang nauunawaan ang *Kapwa*. (Altez-Albela, 2011). Kung ating

mamarkahan ang isang tao batay sa kanyang anyo, ang taong yaon ay ating sapilitang ikinakahon o ipinapasok sa sisidlan 'di niya kagustuhan.

Kung susuriin, ito ay malabong maganap sa kultura ng utang na loób para sa mga Pilipino. Tulad ng nabanggit, ang ugnayan sa utang na loób ay kinapapalooban ng hiya at kabutihang loób. Ang sarili ay parating nakatuon sa kapakanan ng *Kapwa*. Ito ang tinatawag ni Levinas (1982) na “asymmetrical responsibility” / “di-simetrikong tungkulin” sapagkat walang nagaganap na pantay na pagpapalitan bagkus ay tanging pagpaparaya na pabor sa *Kapwa* tuwina (pp. 98-99).

Ito ay posible dahil ang mga Pilipino ay mayroong primitibong pagpapahalaga na nakaugat sa hiya. Ang unang puntos sa karanasang hiya ay ang *kaangkupan*. Tayo ay kumikilos ng nararapat at bukas higit pa sa inaasahan at handang magparaya sa presensya ng *Kapwa*. Pangalawa ay ang pagkakatuksa ng ating *kahinaan*. Sa pagkakataon tayo ay nasa gitna ng kahihyan, tayo ay humihinto at tila nagigimbal ang pagkatao dahil sa labis na epekto nito sa sarili. Ito ay negatibo ngunit nagdudulot ng positibong bunga.

Ito ay malinaw sa karanasan ng hiya kung saan ang mukha ng *Kapwa* ay naghahatid ng pagkagambala o “rupture” sa sarili na lubhang abala sa pagbuo ng kanya-kanyang pagkameron o “identity”. Natural sa atin ang mahalina sa mga materyal na pangangailangan, ngunit ang umasa rito at iaalay ang buong katauhan ay magbubunsod ng kasakiman. Sa karaniwang transaksyon, tayo ay parating may hinihintay na kapalit at madalas ay kung saan tayo makakatipid o makakarami. Sa ugnayang utang na loób, kung saan ang hiya ay nangingibabaw, tayo ay ‘di tumingin sa halaga, bagkus ay handang magbigay ng higit sa natanggap o dili kaya’y sa palugi. Ito ang iginigiit ni Levinas na pundamental na reaksiyon ng sarili sa harap ng *Kapwa* sapagkat ang ugnayang namamagitan sa sarili at *Kapwa* ay isang “asymmetrical”. Kita sa ating pang-araw araw na mga desisyon, ay ang pagsasa-alang-alang ng kapakanan ng iba.

Ang mga desisyong taliwas dito (pansariling kapakanan) ay lumalabas na kahiya-hiya o masasabing isang iresponsableng pagkilos. Ang hiya sa aspetong ito ay maihalalintulad sa “nausea” sa aklat ni Levinas (2003) na *On Escape* kung saan kanyang ipinapaliwanag na ang sarili ay nasusulasok sa karangyaan ng kanyang sariling pag-iral. Ito ay ang *kamalayan ng sarili na siya ay may bilang, ngunit walang kinabibilangan*. Nagaganap ito kung ang indibidwal ay lilingon sa mukha ng *Kapwa* bilang kanyang pag-aari (“totality”). Dito ang sarili ay ganap na mayaman ngunit walang kaligayahan kung kaya’t ito ay tinagurian ni Levinas (1978) na isang “insomnia” o kawalan ng aktibidad sa gitna ng pagkaka-gising sa magdamag (p. 59). Ito rin ang gimbal o “horror” na tinutukoy ni Levinas (1989) nang kanyang sinabi:



The rustling of the *there is* [...] is horror [...] it insinuates itself in the night, as an undetermined menace of space itself disengaged from its function as a receptacle for objects as a means of access to beings.

Ang kaluskos ng *there is* [...] ay kakila-kilabot [...] ito ay nagpaparamdam sa gabi, bilang isang 'di-tukoy na banta ng mismong espasyo na tumitiwalag sa kanyang totoong gamit bilang isang sisidlan ng mga bagay bilang paraan ng paglapit sa mga umiiral. (pp.31-32. Ang salin ay akin.)

Ang pagkagising ng indibidwal sa realidad na tinutukoy ni Levinas (2003) sa wikang Pranses na "*il y a*" o "*there is*". Ito ay isang presensya sa kawalan. Ito ang labis na pagkamal ng sarili ng kanyang sarili kung saan ang lahat ay kanyang inangkin. Sa kabila nito, siya ay hindi ganap at parating naghahanap. At dahil dito, kinakailangan niyang tumakas sa kanyang kinalalagyang espasyong walang laman upang makarating sa presensya na may katuturan. (1978) Ito ay tanging masusumpungan sa pamamagitan ng *Kapwa* na lumalapit sa atin bilang isang mukha. Ang kabiguang makasumpung ng *Kapwa* ay nagigimbal sa lagim ng kanyang sariling presensya na uhaw sa kahulugan. Ito ang nadarama ng isang taong nawalan ng dangal at nabubuhay sa kahihyan sa matagal na panahon.

Maihahambing ang "horror" na ito ni Levinas (pagkagising sa labis na pagtangkilik sa sarili) sa uri ng sakit na nadarama kung ang indibidwal ay nabubuhay sa kahihyan. Ani Bulatao (1964), "what makes *hiya* so soul-shaking is the fact that the threatening danger is not to a mere segment of the personality, but to the ego itself" / "ang dahilan kung bakit ang *hiya* ay lubhang nakakagimbal ay ang katotohanan na ang peligro ay hindi lamang sa bahagi ng personalidad, kundi sa mismong sarili". (p. 426. Ang salin ay akin.). Sa oras na masumpungan ng indibidwal ang kanyang pagka makasarili, siya ay tutubuan ng hiya at mag-uumpisang magalit at kamuhian kanyang sarili. Sa kabila nito, maiibsan lamang ang kawalan na ito kung ang tuon sa sarili ay sesentro sa labas at kikilalanin ang presensya ng *Kapwa* tulad ng mga taong nakapaligid kanya.

Hiya, Utang na Loób, at Kapamilya

Tulad ng nasabi, ang hiya ay maaaring makita sa dalawang aspeto ayon sa Etika ni Levinas. Una, ay ang kabiguang tupdin at tugunan ng indibidwal ang panawagan ng *Kapwa*; at pangalawa ay ang pagkaka-tuklas niya sa sarili sa gitna ng malawak na kawalan. Para sa mga Pilipino, halimbawa nito ay ang dinamiko sa pagpapamilya. Isa sa kahihiyang maaaring maranasan ay kung ikaw ay nasa wastong edad na ngunit sa magulang ikaw ay pa rin ay umaasa. Kung hindi ka magigising sa ganitong pagkakaidlip, ikaw ay umaabuso sa kabutihang ipinagkakaloob sa iyo ng iyong magulang. Sa bahagi ng magulang, ikaw ay patuloy na kukupkupin hanggang sa makakaya. Ngunit sa pananaw ng anak, ito ay nakasusulasok at nakakahiyang predikamento.

Ang bunga nito ay ang istrukturang karaniwan sa maraming tahanang Pilipino. Ito ay ang “extended family” na kung saan ang lahat ay nakatira sa iisang tahanan o “compound” na tila kargo ng ninuno ang bawat miyembro mula anak hanggang sa mga apo (kahit pa sila ay magkapamilya na). Kung pagmumunihan, para kay Levinas, hindi lamang tayo responsable sa kapakanan ng iba kundi sa responsibilidad na rin natin ang kanyang responsibilidad sa iba pang *Kapwa*. Ito ang lipunan na pinananagutan ng utang na loób at hiya sa konteksto ng mukha ng *Kapwa*.

Sa kanyang panayam kasama si Philip Nemo na inilimbag bilang aklat na *Ethics and Infinity*, tinukoy ni Levinas (1985) ang hiwaga ng ugnayan nakapaloob sa magka-kaanak. Wika niya:

Filiality is still more mysterious: it is a relationship with the Other where the Other is radically other, and where nevertheless it is in some way me; the father’s ego has to do with an alterity which is his, without being a possession or a property.

Ang pakikitungo ng magulang sa anak ay lalong mahiwaga: ito ay ugnayang kasama ang *Kapwa* na kung saan ang *Kapwa* ay radikal na iba, gayunpaman ito ay sa ilang paraan ay ako; ang ego ng ama ay may kinalaman sa kapakanan ng iba at ito ay tangi sa kanya, ngunit hindi sa paraang kanyang tangan o bilang isang pag-aari. (p. 69. Ang salin ay akin.)

Sa ating mga Pilipino, mahirap maunawaan ng mga banyaga kung bakit tayo ay parating sama-sama at labis ang pagpapahalaga sa miyembro ng pamilya. Hindi ito kakaiba sapagkat marami ring kultura ang tulad nito, ngunit tangi sa Pilipinas, ang kahandaang gumawa ng hindi mabuti ng isang miyembro sa kapakanan ng kaanak. Marami na ang paliwanag sa ugnayang ito ng magkaka-pamilya ayon sa mga eksperto sa kulturang Pilipino, ngunit hindi lahat ay nagbibigay ng kasiya-siyang kasagutan. Ito ay dahil, para kay Levinas, ang *Kapwa* ay hindi nakikita sa kategoriya at nasusukat ng paliwanag, bagkus ay nararanasan lamang upang maunawaan.

Ngunit sa kapamilya lamang ba natin maaaring maranasan ang walang pasubaling pag-aaruga? Para kay Levinas (1985) ito ay maaring maganap rin sa hindi kikilala. Wika niya, “[O]ne can be very well conceive filiality as a relationship between human beings without the tie of biological kinship”/ “Maaaring lubos na isipin na ang ugnayang pang-magulang at anak ay siyang ring ugnayang nagaganap sa pagitan ng mga tao na hindi biyolohikal na magkakamag-anak”. (p. 71. Ang salin ay akin). Ito marahil ang dahilan kung bakit ang mga Pilipino ay sukduhan ang pagiging magiliw sa panauhin kahit ito ay madalas na tuligsain dahil sa mabilis na pagtitiwala ng mga Pilipino sa ‘di niya lubusang kakilala.

Sinasabing nagiging magarbo ang Pilipino sa harap ng mga bisita kahit pa mabutas ang balsa. Halimbawa na ay ang mga kapistahan o pagpapaunlak ng isang balik-bayan sa kanyang mga ka-barangay hanggang maubos ang kinita. (Andres, 1994) Kung ano man ang paliwanag ng mga eksperto, wala sa mga ito ang sasapat sa mga Pinoy na hindi mapasubalian ang pagtanggap sa panauhin sa oras na ito ay kumatok sa kanilang pintuan.

Tila nga hiwaga ang kaugaliang ito ng mga Pilipino. Para kay Burggraeve (2009), ito ay dahil sa ang pagiging bukas ng isang tahanan ay higit pa sa pormal na pagpapatuloy, o pagpapagamit ng kagamitan o mainit na pagtanggap sa bisita o estranghero, bagkus ito ay pag-aalis ng sarili patungo sa *Kapwa*. Paliwanag niya, “to invite someone into one’s own house goes farther [...] it means unlocking and opening up one’s own intimacy -- wherein one withdraws to be oneself and to recover oneself -- to the strange other” / Ang pagpapaunlak sa sariling tahanan ay higit pa sa karaniwan [...] nangangahulugan ito ng pagbubukas pagpapalagyang-loob – kung saan ang indibidwal ay bumibitiw bilang sarili upang makabalik sa kanyang sarili – patungo sa Kapwa lalo na ang mga ‘di-kilala. (p. 129. Ang salin ay akin).

Ang tahanan ay karaniwan nang sagrado sa mga nagmamay-ari nito. Dahil dito, natatangi ang mga bisitang inaanyayahang makatuntong sa loób nito at kalimita’y malalapit na kaibigan o kaanak lamang. Ito ay higit na nadarama sa mga Kanluraning bansa kung saan higit na mahalaga ang pribadong espasyo tulad ng tahanan. Samantalang para sa mga Pilipino, partikular na ang mga tradisyunal na pamayanan, ang tahanan ay bukas kahit pa sa isang estranghero. Sa modernong isipan, ito ay may kaakibat na peligro at maaaring maging okasyon nang pang-aabuso. Kung tutuusin, ito ang nangyayari sa marami at isinasaad ng maraming aralin sa lipunan. Kadalasang ito ay mga pagpuna sa mga maling gawi ng mga Pinoy. Halimbawa, sa kagustuhang makasalamuha ng balik-bayang manggagawa ang mga kaibigan, ang kita na inipon ng matagal na panahon ang siyang nadidisgrasya. Gayun din ang pagpapatuloy sa mga kaanak na labis na nakaka-abala ngunit patuloy pa ring pinaunlakan ng may-ari ng tahanan.

Ngunit kung pagmumunihan, ang “toxic” na kulturang ito ng mga Pilipino ay nagbubukas ng ugnayan sa pakikipagkapwa. Sa panahon ng kwentuhan, maraming suliranin ang tila gumagaan o dili kaya’y nahahanapan ng solusyon kung ito ay naibabahagi sa iba. Sa panahon ng kasiyahan, maraming ideya ang lumalabas at nagpapalitan sa oras ng inuman. Bagamat may mga ‘di kaaya-ayang epekto, natatangi sa mga Pinoy ang pagiging bukas nito kanino man – mapa ito man ay inuman o pagtugon sa nangangailangan. Hindi ko sinasabi na dapat magpatuloy ang pang-aabuso lalo na sa may-ari ng tahanan, bagkus, nais ko lamang tingnan ang mga karanasang ito sa pananaw ng altruismo. Totoong may hapdi sa marami ngunit ang pagiging bukas-loob ng tahananang Pinoy ay patunay ng mabuting loob na taal sa atin. Inilalarawan ni Levinas (1990) ang yugtong ito bilang kirot dulot ng isang sugat na nalantad. Wika niya, “[t]he house (residence) is the condition for

hospitality; it is the space 'wherein flesh is opened up to the world'" / "ang tahanan ay ang kondisyon ng mabuting pakikitungo; ito ang pook kung saan ang kalamnan ng isang tao ay lumalantad mundo'" (p. 126. Ang salin ay akin). Gayun din naman, sa pagbubukas ng pribadong buhay, mayroong hapding nararanasan kaakibat ang pangamba at sakripisyo sa ngalan ng pagiging bukas sa *Kapwa*.

Bahala Na

Ayon kay Jaime Belita (1991), isang eksperto sa pag-aaral ng relihiyon sa bansa, ang katagang "Bahala na" ay mula sa pinaikling pahayag na "Si Bathala na". Ayon sa dating Pangulong Ferdinand Marcos (1976) sa kanyang *Tadhana: The History of the Filipino People*, si "Bathala" ay ang pinakamataas na panginoon ng mga sinaunang Katagalugan at isinasalarawan bilang "greatest, towering in power and virtue, above all other gods" / "pinakadakila, may matayog na kapangyarihan at kabutihan, higit sa lahat ng iba pang mga diyos". (p. 54. Ang salin ay akin.). Ikinakabit ni Jocano (1981) ang paniniwalang ito ng mga katutubo sa "Hindu omnipotent god" na dinala ng mga mangangalakal mula India noong ika-walong siglo. (p. 5)

Mayroon din mga negatibong konotasyon ang Bahala na sa ilang paggamit nito katulad ng "kawalang-responsibilidad", "karuwagan", at "katamaran". Ito ay sinusugan ni Sonia Zaide (1989) sa kanyang pagtalakay ng "fatalism" na isang tatak ng "ang buong pagpapasakop ng pananampalatayang Islam kay Allah". (p. 46). Dagdag pa niya, ito ay pinalaganap ng mga misyonerong Muslim na dumaong sa kapuluan noong ikalabing-apat na siglo. Bilang pinakamataas na Panginoon, si Bathala ang nakapangyayari at ang may kontrol sa pang araw-araw na pangangailangan ng mga sinauna sa panahon ng kagipitan. Sa ganitong pag-iisip, tanging si Bathala lamang ang magkapagliligtas at makapagpapatibas sa buhay pamayanan. Sa ganitong aspeto tinutukoy ng mga antropologo ang pagka-"fatalist" na papanaw sa mundo ng mga unang Pilipino at nagbigay daan sa pagiging pala-asa ng mga ito sa Maykapal. Isa pang katangian ni Bathala ay ang pagiging 'di-tukoy. Si Bathala ay isang walang personang kalooban ng Diyos o "Impersonal Providence" at ng lumaon ay ginagamit na mga kataga tuwing ang sitwasyon ay hindi tukoy ang kahihinatnan: "Bahala na nga!".

Sa larang ng paniniwala, inilarawan ni Bulatao (1966) na ang Bahala na ay ang pag-aalis at paglilipat ng sariling abilidad patungo sa kusang pag-inog ng makapangyarihang gulong ng kapalaran. Kung pagmumunihan ang ispiritwal na aspeto ng "Bahala na", ito ay nagtutulak sa isang indibidwal sa dalawahang pagkilos: una ay ang *pag-alis* ng pansin kanyang sa sarili at pangalawa ay ang *paglipat* nito sa iba. Kung kaya't kapag ang dasal ng indibidwal ay "Bahala ka po Kayo sa akin" ito ay ang pag-aalis ng pagtatangi sa sarili upang ilipat ang tuon sa *Kapwa*. Sa pagkakataong ito, ang *Kapwa* ay ang Diyos (Bathala). Ito ang tinatawag ni Levinas na "Infinite" sa pagtukoy sa *Kapwa*. Bagamat radikal na magkaiba, ang

Kapwa at ang sarili, sa pamamagitan ng tiwala at pagpapasailalim, sila ay nagiging, kung hindi man isa, ay malapit sa isa't isa sa ngalan ng tungkulin. Ito ang tinatawag ni Burggraefe na "proximity with the Other" o "ang kalapitan ng *Kapwa*". (2009). Hango kay Levinas, ang panukalang ito ay mayroong mataas na posibilidad na maging "blueprint" sa ugnayang pantao. Kung magkakarron lamang ng walang pasubaling pag-asa at tiwala sa bawat isa, ang bawal indibidwal ay ituturing na *Kapwa*. Ang pagdurusa dulot ng panlalamang, pagtataksil, kurapsyon, at pagdududa ay mababawasan. Hindi ito imposible tulad ng mga lugar na karaniwang ipinapabahala na sa *Kapwa* ang mga bagay-bagay sa araw-araw. Ilan dito ay ang pagsibol ng mga "honesty store" sa Batanes at "community pantry" nitong panahon ng pandemya. Ang kainaman ay matagal na itong sa mga Pilipino na kung susuriin, ay naka-angkla sa bahala na. Ating sinasabi sa tuwing maghahabilin ng isang minamahal sa isang kaibigan o kaanak, "Bahala ka na sa kanya". Sa sinserong paraan, ito ay nangangahulugang inaalís ang tiwala ng taong naghahabilin sa kanyang sariling kakayanan at buong tiwala umaasa sa kapangyarihan ng *Kapwa*. Ito ang punto sa etika ng tungkulin ni Levinas kung saan nagaganap ang "decentering of the self" o "pag-aalis ng sarili bilang sentro" upang ilipat ang responsibilidad sa *Kapwa* ng buong pagitiwala at puno ng pag-asa.

Sa kabila ng pagiging pinaka-makapangyarihan ni Bathala ("Impersonal providence"), siya ay walang mukha. 'Di tulad ng kasalukuyang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa bansa, ang mga mananakop ay gumamit ng mga imahen at ilustrasyon upang maipaliwanag ang pananampalataya. Samantala, "Si Bathala" na walang anyo ay siyang inilalarawan ni Levinas (1985), (at bilang isang Hudyo) na Diyos na 'di nakikita. Paliwanag niya, "[t]he 'invisible God' is not to be understood as God invisible to the sense, but as God non-thematizable in thought" / "ang 'di-nakikitang Diyos' ay hindi dapat unawain bilang Diyos na walang kabuluhan, ngunit bilang Diyos na 'di kailanman paksain sa pag-iisip". (p. 106. Ang salin ay akin.)

Samakatwid, si Bathala ng sinaunang paniniwala at ang "Invisible God" ni Levinas ay kailanman hindi lubos na mauunawaan ngunit parating maaasaan. Taliwas sa paraang nakagisnan kung saan ang Panginoon ay mauunawaan sa pag-aaral ng doktrina at kanyang natura gamit ang katuwiran, ang bahala na sa mga Pilipino ay pagpapatunay ng totoong kahulugan ng pananampalataya. (Matienzo, 2016) Tulad ng mga sinaunang Pilipino, ang pagtawag sa Diyos sa panahon ng unos ay ang higit na nararanasang presensya ng Maykapal. Sa panahon ng trahedyá, ang *pagkagambala* ng sarili ay damang-dama na kung kaya't sa pagsasabi ng "Bahala na", Si Bathala na ang magsisilbing tagapagligtas.

Dito mayroong dalawang direksyon nang paggalaw ng pananampalataya ang makikita: una ay sa Diyos (si Bathala) at pangalawa ay sa *Kapwa*. Sa panahon ng kawalan, tayo ay walang pagpipilian kundi tumungo sa iba upang humingi o dili kaya'y magkaloob ng tulong. Ang sarili ay *bumubukas* at *lumalabas* patungo sa iba. It ay nagaganap sa paraang

hindi niya nilalagom ang kanyang *Kapwa*. Sa pamamagitan ng *Kapwa* ang Diyos ay nababanaag sa parehong tumutulong at tinutulungan. Para kay Levinas (1998a), ang Diyos ay 'di tuwirang masusumpungan sa mukha ng *Kapwa*, ngunit sa pamamagitan ng kakulangang ito, sumisidhi ang pagnanais ng indibidwal na makasalumuha ang *Kapwa* – sapagkat tanging sa kanya mababakas ang mukha ng Diyos.

Dahil sa pagkilala ng indibidwal sa mukha ng *Kapwa*, siya ay buong tiwala at bulag na umaasa para sariling kaligtasan, pamilya at ari-arian. Ito ay pangkaraniwang sa ating mga kababayan na kung saan, ipinapa-bahala sa Diyos ang tungkuling dapat sana ay siya ang gumaganap. Ito ay nararanasan, sapagkat walang metapisikong paliwanag ang magliligtas sa kanya pagdating ng unos ng buhay. Ang tamang katanungan sa pagkakataong kagaya nito ay hindi “Ano ang kanyang sandigan?”, bagkus, “Sino ang kanyang sandigan?” Para kay Levinas, siya ay ang *Kapwa*. Siya ang kinau-utangan ng loób, ang pinanggagalingan ng hiya, ang batayan ng pagbubuklod ng bawat pamilya, at pinagkakatiwalaan sa oras na walang katiyakan.

Konklusyon

Sentro sa Etika ni Levinas ay ang hindi maitatatwang tungkulin ng indibidwal sa *Kapwa*. Naniniwala ang papel ito na ang pilosopiya ni Levinas ay sumasalamin din sa mga kaugaliang “utang na loób”, “hiya”, “pagpapahalaga sa pamilya”, at “bahala na” -- mga karanasang likas na at natatangi sa ating bansa.

Sa utang na loób ang indibidwal ay walang patumanggang tumutulong sa nangangailangan at nagkakaloob ng kabutihang loób. Sa pamamagitan ng hiya, ang sarili ay natututong bumangon at isaalang-alang ang presensya at kapakanan ng iba. Para sa isang Pilipino, ang pamilya ay ang una at pinakahuling *Kapwa* na kanyang kinabibilangan. At sa oras ng 'di katiyakan, buong tiwala siyang nanalig sa *Kapwa* katulad ng mahigpit niyang pagkapit sa Diyos.

Ang *Kapwa* ay mayroong mukha ngunit walang hitsura. Siya ang nagtatangan ng ating tungkulin na tumulong ng walang pasubali upang ang ating sarili ay makilanlan. Kung sakali man at tumanaw ng utang loób, ang kabayaran ay 'di mabibilang sapagkat para sa mga Pilipino, ito ay “handog” at hindi kailan man hiniram. Taliwas nito ang pagkait ng tulong na kung saan ang indibidwal ay nakakaramdam ng matinding kahihyan. Sa kanyang kapalaluan, siya ay nalulunod sa yaman ng anumang siya ay meron. Ngunit ang kaparehong kahihyan, siya ay gumigising sa sarili upang muling magtiwala at tumugon sa mga nangangailangan. Ito ang tinatawag ni Levinas na pagtakas sa kalawakan ng kawalan (escape from “*il y a*”).

Higit na nakikilala ng sarili ang *Kapwa* sa ating mga kakilala, kaibigan, kaiskuwela, kapit-bahay, kabarangay at lubos na nadarama sa piling ng ating mga kapamilya. Sinasalamang ng “ka” sa bokabularyo ang pagiging likas sa mga Pilipino ang pakikipagkapwa at siya ring buod ng etika ni Levinas.

Sa nagaganap na mga kaguluhan sa maraming lugar sa mundo, ang kaugaliang Pilipino ay may ambag sa ikalulutas nito. Mula sa kultura hanggang sa metapiska, ang mga kaugaliang ito na nakaugat sa etika na isinasabuhay tuwing makaharap ang *Kapwa*. Ito ay maaaring magsilbing balangkas sa mga usaping may kinalaman sa ating sikmura, pamamahala, komersiyo, edukasyon, dignidad at maging ispiritwal na paniniwala. Sa mga sektor ng lipunan na sumasaklaw dito, ang pagbabalik-tanaw sa mga kaugaliang Filipino ay makatutulong sa hakbanging pangkapayapaan, ugnayan sa lokal na pamayanan, maktwirang pamamahagi ng likas at yamang tao ng mga bansa, pagtukoy sa iba’t ibang paniniwala patungo sa tunay na pagkaka-unawaan, at pagtugon sa lumalalang pagyurak sa karapatang pantao. Ang *Kapwa* bilang etikang batayan ayon kay Levinas ay matagal nang gawain ng mga Pilipino. Nangangailangan lamang ng malawakang pagpapa-alala sa mga katuruang ating nakagisnang. Ang utang na loób, hiya bahala na, at pagpapahalaga sa pamilya, ay mga haligi ng pagtaguyod ng kabutihan at pagkakaisa na sa aking palagay ay makapagdudulot ng kapayapaan, pagtutulongan at unawaan, sa mga nagtutunggaliang ideolohiya sa makabagong panahon.

Maaaring mapangahas ang panukalang ito at walang sapat na sustansya pagdating sa mga detalye, ngunit naniniwala ako na kahit sa antas ng pagbabalangkas, ang mga piling kaugaliang nabanggit ay makatutulong upang gabayan ang mga hakbangin may kinalaman sa ikabubuti ng antas ng pamumuhay ng bawat Pilipino at ng mamamayan sa maraming bansa.

Hindi pa huli ang lahat.

Talasanggunian

- Alejo, A. (1990). *Tao po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa loób ng Tao*. Quezon City: Ateneo de Manila.
- Altez-Albela, F. (2011). The Body and Transcendence in Emmanuel Levinas' Phenomenological Ethics. *Kritike* 5(61) 36-50.
http://www.kritike.org/journal/issue_9/altez-albela_june2011.pdf
- Andres, T. (1994). *Dictionary of Filipino Culture and Values*. Quezon City: Giraffe Books.
- Aristotle. (1984). *The Complete Works of Aristotle, The Revised Oxford Translation*. ed. J. Barnes. Princeton: Princeton University Press.
- Belita, J. (1991). The Nono and the Nino: A Development of Folk Catholicism as Seen in Hiligaynon Poetry. In *God Said: HALA!* Manila: De La Salle University Press.

- Blum, R. (1983). Emmanuel Levinas' Theory of Commitment. *Philosophy and Phenomenological Research* 44(2) 145-168.
- Bonifacio, A. (1976). "Hinggil sa Kaisipang Pilipino." *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino*. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, pp. 24-32.
- Bulatao, J. (1964). Hiya. *Philippine Studies*. 12(3) 424-438.
<http://www.philippinestudies.net/files/journals/1/articles/676/public/676-6404-1-PB.pdf>
- Bulatao, J. (1966). *Split-Level Christianity*. Ateneo University: Capitol Publishing House, Inc.
- Burggraeve, R. (2009). *Proximity with the Other: A Multidimensional Ethic of Responsibility in Levinas*. Bangalore: Dharmaram Publications.
- De Castro, L. (1995). *Ang Utang na Loób Bilang Konsepto ng Etika*. Quezon City: CSSP Publications.
- De Castro, L. (2016). Sharing organs for transplantation: altruism as kagandahang loób. *Bodily Exchanges, Bioethics and Border Crossing*. London and New York: Routledge Taylor & Francis Group.
- De Mesa, J. (1987). *In Solidarity with the Culture: Studies in Theological Re-Rooting*. Quezon City: Mary Hill School of Theology.
- Guthrie, G. (1968). *Six perspectives on the Philippines*. Manila: The Bookmark, Inc.
- Holnsteiner, M. (1973). *Four Readings on Philippine Values*. Quezon City: Ateneo de Manila.
- Hornedo, F. (2001). *In Favor of the Gods*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Ileto, R. (1979). *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Jocano, F. L. (1981) *Folk Christianity*. Quezon City: Trinity Research Institute.
- Jocano, F.L. (1997). *Filipino Value System: A Cultural Definition*. Quezon City: Punlad Research House.
- Kaut, C. (1961). "Utang Na Loób: A System of Contractual Obligation among Tagalogs", *Southwestern Journal of Anthropology*. 17(3) 256-272
<https://doi.org/10.1086/soutjanth.17.3.3629045>
- Lasquety-Reyes, J. (2016). "In Defense of Hiya as a Filipino Virtue". *Asian Philosophy: An International Journal of the Philosophical Traditions of the East*. 26:1, 66-78, <http://10.1080/09552367.2015.1136203>
- Levinas E. (1987). *Totality and Infinity*. trans. R. Cohen. Pittsburgh: Duquesne University Press.
- Levinas, E. (1978). *Existence and Existents*. trans. A. Lingis. The Hauge Martinus Nijhoff.
- Levinas, E. (1985). *Ethics and Infinity: Conversations with Richard Cohen*, Richard Cohen (trans.). Pittsburgh: Duquesne University Press.
- Levinas, E. (1989). *The Levinas Reader*. Oxford: Basil Blackwell.
- Levinas, E. (1996). *Basic Philosophical Writings*. A. Peperzak, S. Critchley and R. Bernasconi (eds.). Bloomington and Indianapolis: Indiana University Press.

- Levinas, E. (1998a). "A Man God". *On-Thinking-of-the-Other. Entre Nous*. trans. M. Smith and B. Harshav. New York: Columbia Press.
- Levinas, E. (1998b). *Otherwise than Being or Beyond Essence*. Pittsburgh, Pennsylvania: Duquesne University Press.
- Levinas, E. (2000) *New Talmudic Readings*, trans. R. Cohen. Pittsburgh: Duquesne University Press.
- Levinas, E. (2003). *On Escape*. California: Stanford University Press.
- Marcos, F. (1976). *Tadhana: History of the Filipino People* (Vol. 2). Manila: Author.
- Matienzo, R. (2016). The Quiapo Leap: A Kierkegaardian Reading of the Religious Experience of the Black Nazarene Popular Devotion. *Kritike*. 10(2), 29-43.
<https://doi.org/10.25138/10.2.a.3>
- Mercado, L. (1976). *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word.
- Miranda, D. (1992). *Buting Pinoy: Probe Essays on Value as a Filipino*. Manila: Divine Word Publications
- Panopio, I. & Rolda, R. (2006). *Society and Culture: Introduction to Sociology and Anthropology*. Quezon City: Katha Publishing, Co. Inc.
- Zaide, S. (1989). *Philippine History and Government*. Quezon City: All Nations.